# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO
# LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO
# MGA TALA O MINUTES

**Isinagawa sa pamamagitan ng Videoconference o Komperensiya sa Pamamagitan ng Internet**
*(Nagkaloob ng pamamaraang makasali mula sa ibang lugar sa pamamagitan ng teleconference o komperensiya sa pamamagitan ng telepono)*
[www.sfgovtv.org](http://www.sfgovtv.org)

## Enero 12, 2022 – 5:30 PM

## Regular na Pulong

**Mga Kasapi:** Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

1. **Panawagan ukol sa Pagsisimula ng Pulong at Pagtatawag ng mga Pangalan ng mga Inaasahang Dumalo**

   *Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa espesyal na sesyon sa pamamagitan ng videoconferencing, at nagbigay ng mga komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Miyerkules, Enero 12, 2022. Nanawagan ang Tagapangulo (Chair) na si Reverend Townsend ukol sa pagsisimula ng pulong nang 5:32 p.m.*

   *Sa pagtatawag ng mga pangalan ng mga inaasahang dumalo, naitalang naroroon sina Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro Pierce, Miyembro Castillon, Miyembro Townsend, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Miyembro Reiner. May sapat na bilang ng kinakailangan na naroroong miyembro upang maidaos ang pulong.*

2. **Mga Bagong Impormasyon ukol sa Iskedyul ng Regular at Espesyal na Pulong**

   *Mga Tagapagsalita: Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco o Liga ng mga Kababahang Botante ng San Francisco); Erica; David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng pinag-uusapan sa pagdinig.*

   **Nagsagawa ng mosyon si Miyembro Chasel Lee, at sinegundahan ni Miyembro Pierce, na pagtibayin ng pagbabago sa iskedyul ng pulong ng Task Force ayon sa sumusnnod:**

- **Sa Sabado, Enero 29, 2022, magsisimula ang espesyal na pulong nang 10:00 a.m., at isasagawa ito nang remote (sa pamamagitan ng internet) sa halip na sa First Congregational Church; 1300 Polk Street;**

**Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

**Oo: 9 - Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**3. Pinakabagong Impormasyon ukol sa Plano para sa Pag-abot sa Nakararami**

*Evelyn Torres (Civic Edge Consulting) at Alisa Somera, Katuwang na Direktor para sa Lehislasyon (Office of the Clerk of the Board o Opisina ng Klerk ng Lupon); iniharap ang kasunod na impormasyon magmula noong isinaad ang bagay na ito sa mga pinag-usapan, at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Jonathan Meade; Steven Currier; Cheryl Thornton; Alicia Mayo; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usapin sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**4. Biswalisasyon o Paglalarawan ng Pagmamapa at Tinututukang Komunidad (Community of Interest)**

*Seth Neill at Jamie Clark, Mga Konsultant sa Muling Pagdidistrito (Q2 Data and Research); iniharap ang pinakabagong impormasyon ukol sa pagsisimula ng paggamit sa Kasangkapan sa Muling Pagdidistrito o Redistricting Tool ng San Francisco at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon. Andrew Shen, Katuwang na Abugado ng Lungsod (Office of the City Attorney o Opisina ng Abugado ng Lungsod); Wilson Ng, Katuwang na Direktor para sa mga Operasyon (Office of the Clerk ng Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor); sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: J. R. Eppler, Presidente (Potrero Boosters Association o Asosasyon ng Portero Boosters); ibinahagi ang mga inaalala ukol sa mga magkakalapit-bahay sa Potrero Hill at Dogpatch, at hiniling na huwag hatiin ng Task Force ang mga ito sa magkakahiwalay na Superbisoryal na distrito.*
*Richard Rothman; ibinahagi ang mga inaalala ukol sa mahusay na pagganap ng kasangkapan sa muling pagdidistrito o redistricting tool, at hinikayat ang Task Force na magsagawa ng mga pulong sa loob ng distrito sa Distrito 6.*
*David Pilpel; ibinahagi ang inaalala ukol sa mga kakayahan na makuha at magamit ang mga online na kagamitan sa pagmamapa at ang kakayahan na makadalo sa mga pulong ng Task Force.*
*Steven Currier; ibinahagi ang inaalala ukol sa iba't ibang inaalala ukol sa mga komunidad na nasa mga Distrito 9, 10 at 11.*
*Tes Welborn; hinikayat ang Task Force na isaalang-alang ang pagtataguyod ng maraming pulong sa loob ng distrito.*

*Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); inirekomenda na panoorin ng Task Force ang live (sa oras mismo na nagaganap) na mga pulong ng California Redistricting Commission (Komisyon para sa Muling Pagdidistrito ng California) ukol sa pagdo-drowing ng mga linya.*
*Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); hinikayat ang Task Force na magtaguyod ng mga pulong na may pagtutuon sa dalawa o higit pang distrito, at nang malaman ang inaalala ng mga komunidad na kasalukuyang matatagpuan sa mga hangganan o border na nasa pagitan ng mga Superbisoryal na distrito.*
*Sana Sethi (San Francisco Rising); hinikayat ang Task Force na maglabas ng burador o draft na mapa ng mga distrito para sa kabuuan ng distrito bago ang pagtatapos ng Pebrero, at na lumikha ito ng dalawa o higit pang burador na mapa na nasa antas ng distrito bago ang bawat pulong ng Task Force na nakatuon sa espesipikong distrito.*
*Ann Marie; ibinahagi ang mga inaalala ukol sa mga hangganan o boundary na nasa pagitan ng mga Distrito 7 at 11, partikular na ang mga kaugnay sa magkakalapit-bahay sa St. Francis Woods, Ocean Avenue, at Holloway Avenue.*
*Simon Timony (Advocates Eleven o Nag-aadbokasiyang Labing-isa); hiniling na isaalang-alang ng Task Force ang paglipat ng hangganan na nasa pagitan ng mga Distrito 7 at 11 patungo sa timog na bahagi magmula sa Ocean Avenue.*

*Gumawa ng mosyon si Miyembro Cooper, at sumegunda si Miyembro Hernández Gil, na hilingin sa opisina ng Klerk na makipagtrabaho ito sa Tagapangulo at Pangalawang Tagapangulo, at nang makapaghanda ng mungkahing iskedyul ng mga pulong na nakatuon sa espesipikong mga distrito, na siyang magtitiyak na mapakikinggan ng Task Force ang lahat ng labing-isang distrito bago ang pagtatapos ng Pebrero 2022, at na maihaharap ang gayong borador o draft na plano sa Task Force sa espesyal na pulong sa Enero 22, 2022. Bago ang pagtatawag ng mga pangalan, iniurong ni Miyembro Cooper ang mosyon, at hindi na kumuha ng mga boto.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

## 5. Mga Ulat ng mga Miyembro ng Task Force

*Ibinahagi ni Miyembro Hernández Gil na nakikipag-ugnay na siya sa mga organisasyong nakabase sa komunidad sa Distrito 6, sa League of Women Voters San Francisco, sa San Francisco Rising, at kay Superbisor Mar, kaugnay ng mga gawain ng Task Force. Humiling si Miyembro Pierce ng impormasyon upang malaman kung paano maidaragdag ang mga interesadong miyemro ng publiko sa listahan ng pinadadalhan ng email ng Task Force. Inilinaw ni Klerk Carroll na puwedeng makipag-ugnay sa kanya ang mga interesadong miyembro ng publiko sa pamamagitan ng rdtf@sfgov.org na email address, at magtatrabaho siya para maidagdag sila sa listahan ng pinadadalhan ng sulat upang makaabot sa mas nakararami. Ibinahagi ni Miyembro Castillon na nakikipagtrabaho na siya sa Q2 Redistricting Consultants upang makakalap ng demograpikong datos mula sa kasalukuyang mga hangganan ng mga distrito ng lungsod, at binanggit niya na pinag-iisipan niya ang pakikipag-ugnay sa San Francisco Municipal Transportation Agency (Ahensiya para sa Munisipal na Transportasyon ng San Francisco) para sa karagdagang mapagkukunan ng datos. Ibinahagi ni Miyembro Cooper na nakikipagtrabaho na siya sa Q2 Redistricting Consultants at sa Office of the*

*Clerk of the Board kaugnay ng mga usaping may kinalaman sa wika na nasa website ng Task Force, at binanggit din niya ang paglahok sa artikulo ukol sa muling pagdidistrito na nalathala sa San Francisco Chronicle noong Enero 12, 2022.*

*Mga Tagapagsalita: Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng pinag-uusapan sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**6. Mga Ulat ng Kinatawan ng Departamento/Pampublikong Opisyal ng Lungsod**

*Mga Tagapagsalita: Steven Currier; Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng pinag-uusapan sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**7. Komento ng Pangkalahatang Publiko**

*Mga Tagapagsalita: Sana Sethi (San Francisco Rising); hiniling na gawan ng koordinasyon ang simultaneous (sinasabayan ng salin ang pagsasalita) na interpretasyon para sa mga pulong ng Task Force sa hinaharap, para sa mga nagsasalita ng Espanyol, Tsino, at Filipino.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**8. Mga Bagay na Pag-uusapan sa Hinaharap**

*Tinalakay ng mga miyembro ang posibleng mga pag-usapan sa hinaharap, ayon sa mga sumusunod.*

- *Isang bagay o item na dapat talakayin ukol sa mga itinatakda ng batas at kinakailangan sa pag-uulat para sa Task Force, kasama na ang mga gabay na mula sa Federal Voting Rights Act (Pederal na Batas ukol sa Karapatan sa Pagboto), ang pagtatakda ng mga depinisyon ukol sa mga Tinututukang Komunidad, at iba pang usapin.*

*Mga Tagapagsalita: Wala.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**9. Pagtatapos ng Pulong**

*Dahil wala nang iba pang pag-uusapan, natapos ang pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 8:40 p.m.*

*Pakatandaan (N.B). Itinatakda ng mga Tala ng pulong na ito ang lahat ng aksiyong isasagawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na nauukol sa mga usaping nakasaad, pero hindi kinakailangang naaayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtalakay sa mga usaping ito sa pulong.*

**INAPRUBAHAN: Enero 29, 2022**
**Task Force para sa Muling Pagdidistrito**